



INILABAS NA BALITA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Abril 22, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.760.0285

Air District, inareglo ang kaso sa Chevron USA Inc.

Refinery, magbabayad ng \$146,500 para sa mga paglabag na may kaugnayan sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Bay Area Air Quality Management District (Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ngayong araw na pumayag ang Chevron USA Inc. na magbayad ng \$146,500 para ayusin ang mga paglabag na may kaugnayan sa kalidad ng hangin sa refinery nito sa Richmond.

Kasama sa pag-aayos ang 33 Paunawa ng Paglabag na inilabas para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin sa Richmond Oil Refinery noong 2016-2018.

“Dapat papanagutin ng Air District ang mga kumpanya dahil sa pagkabigong sumunod sa mga mahigpit na permiso sa pagpapatakbo na pumoprotekta sa pampublikong kalusugan at kalidad ng hangin,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “May karapatan ang mga residente sa mga nakapaligid na komunidad na maprotektahan laban sa mapanganib na mga pamparumi sa hangin, at patuloy na tinitiyak ng Air District ang mga proteksyong iyon.”

Kasama sa mga paglabag na tinutugunan sa kasunduang ito ang:

- Mga paglabag sa pagkaabala ng publiko na nauugnay sa mga amoy na lumalabas sa refinery bio-reactor pond
- Pagkabigong makapagpanatili ng tumpak na imbentaryo ng mga balbula at tagakonekta
- Pagkabigo na wastong magpakita ng sample ng flare gas sa isang flare event
- Pagniningas ng panggatong na gas ng refinery na may labis na konsentrasyon ng hydrogen sulfide
- Pagkabigong magkumpuni ng tagas sa isang cooling tower ng refinery sa napapanahong paraan

Ang lahat ng paglabag na humantong sa pakikipag-areglo na ito ay naitama na.

Nagbibigay ang Air District ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang kailangang tumugon sa paunawa sa loob ng sampung araw at magsumite ng paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para itama ang problema. Ang mga aksyon na ito ay maaaring kabilangan ng agarang pagpapatigil ng ilang operasyon, o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aayos ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Air District tulad ng inspeksiyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aayos na ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)